7

# Lingguhang Aralin sa Values Education

Kuwarter 1

Linggo 3

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Gawaing Pampagkatuto sa Values Education**
**Kuwarter 1: Linggo 3**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Eduaksyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

**Manunulat:** Josephine G. San Gabriel
**Content Reviewer:** Edita T. Olan
**Tagaguhit:** Jeewel L. Cabriga
**Tagalapat:** Allan E. Medenilla, Patricia Ulynne F. Garvida
**Enhanced by:** Loreta L. Salvador
**External Content Validators:** Nenita A. Sioson, Prudencia Martinez
**External Language Validators:** Corazon G. Are

**Namahala sa Pagbuo ng Materyal**

**JOCELYN DR ANDAYA** *CESO IV*, Regional Director
**CRISTITO A. ECO** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC Chief Education Program Supervisor
**ROLAND D. MONTES**, Regional GMRC/VE Education Program Supervisor
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**TOMAS C. GALIZA**, LR Education Program Supervisor

| MATATAG Kto10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | | Baitang: | |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Kuwarter: | |

| | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagpapahalaga at virtue bilang batayan ng sariling pagpapasiya, pagkilos, at pakikipagkapuwa | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Naisasagawa ng mag-aaral nang wasto ang pagpapahalaga at virtue sa mga gagawing pagpapasiya, pagkilos at pakikipagkapuwa upang malinang ang pagiging matatag | | | |
| *C. Lilinanging Pagpapahalaga* | Katatagan (Resilience) | | | |
| *D. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Nakapagsasanay sa pagiging matatag sa pamamagitan ng palagiang paninindigan sa mga taglay na pagpapahalaga at virtue. | | | |
| | A. Nakakikilala ng mga paraan ng paggamit ng pagpapahalaga at virtue bilang batayan ng sariling pagpapasiya. | B. Naipaliliwanag na ang pagpapahalaga at virtue bilang batayan ng sariling pagpapasiya, pagkilos, at pakikipagkapwa ay gabay na magtitiyak na patungo sa katotohanan at kabutihan ang bawat pagtugon lalo na sa mga sitwasyong sinusubok ang kanilang pagkatao. | C. Nailalapat nang wasto ang pagpapahalaga at virtue sa mga gagawing pagpapasiya, pagkilos, at pakikipagkapuwa. | |
| *E. Mga Layunin* | a. Natutukoy ang mga paraan ng paggamit ng pagpapahalaga at virtue bilang batayan ng: | a. Naipaliliwanag na ang pagpapahalaga at virtue, bilang batayan ng sariling pagpapasiya, | b. Nailalapat nang wasto ang pagpapahalaga at virtue sa mga gagawing | c. Nakapagpapakita ng pagiging matatag sa iba't ibang uri ng situwasyon gamit ang taglay na pagpapahalaga at virtue. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | i) sariling pagpapasiya<br>ii) pagkilos at<br>iii)pakikipagkapuwa | pagkilos, at pakikipagkapwa, ay gabay na magtitiyak na ang bawat pagtugon ay patungo sa katotohanan at kabutihan, lalo na sa mga sitwasyong sinusubok ang kanilang pagkatao. | pagpapasiya, pagkilos at pakikipagkapuwa batay sa karanasan. | |
| *F. Disensyong Instruksyunal* | Makibahagi (Engage), Magsiyasat (Explore), | Kolaborasyon, (Collaboration) | Pagkamalikhain (Creativity) | Makibahagi (Engage), Maranasan (Experience), |
| *G. 21st Century Skills* | Kakayahang makipagtalastasan (communication skills)<br>Kakayahang umunawa ng mga impormasyon (information literacy) | Kakayahang makipagtalastasan (communication skills) | Kakayahang makipagtalastasan (communication skills) | Kakayahang makipagtalastasan (communication skills)<br>Kakayahang umunawa ng mga impormasyon (information literacy) |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | **Pagpapahalaga at Virtue Bilang Batayan ng Sariling Pagpapasiya, Pagkilos, at Pakikipagkapuwa** | | | |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| *A. Mga Sanggunian* | Edukasyon sa Pagpapakatao 7- Modyul 9 "Ang Kaugnayan ng Pagpapahalaga at Birtud" | | | |
| *B. Iba pang Kagamitan* | • Worksheet<br>• Power point presentation<br>• Laptop<br>• TV | • Worksheet<br>• Slides<br>• Bola<br>• Laptop/TV | • Visual aids<br>• Worksheet<br>• Rubriks | • Worksheet<br>• Kopya ng maikling pagsusulit |
| **IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Panimulang Gawain* | 1. Sa pamamagitan ng paggamit ng Basic Mathematics na nasa worksheet, bubuuin ng mag-aaral ang salita. Pagkatapos, hahanapin sa talahanayan ang letrang katapat ng numero upang mabuo ang salita at isusulat sa kahon.<br>2. Maaaring maging gabay ng guro ang mga tanong na nasa ibaba:<br>• Nahirapan ba kayo sa pagbuo ng salita? Bakit?<br>• Ano-anong mga nabuong salita mula sa isinagawang gawain?<br>• Taglay ba ninyo ang mga ito?Kung oo, paano ninyo ipinapakita sa inyong pang-araw-araw na buhay? | **Stop Music**<br>Magpapatugtog ang guro ng masayang musika habang ipinapasa ng mga mag-aaral ang bola o anumang bagay. Kapag huminto ang musika, ang mag-aaral na may hawak ng bola o bagay ay sasagot ng 'OO' kung ang sitwasyon ay nagpapakita ng pagpapahalaga o birtud, at 'HINDI' kung hindi.<br>a. Pagbibigay ng pagkain sa pulubi sa halip na pera. (Oo)<br>b. Pagpapakopya sa kaklase dahil sa pagliban nito sa klase dulot ng pagkamatay ng ina nito. (Hindi)<br>c. Pagtatanggol sa kaibigan kahit alam na mali ang ginawa. (Hindi)<br>d. Maagang pumapasok sa paaralan upang makakopya ng takdang- aralin. (Hindi) | **Mix and Match**<br>1. Balikan ang tinalakay mula sa unang araw.Pagtatapatin ng mga mag-aaral ang sitwasyon at ang uri ng virtue na isinasabuhay.<br>2. Maaaring itanong ng guro ang sumusunod:<br>• Tama ba ang ibinigay na mga kasagutan?<br>• Bakit masasabing tama ang naging mga kasagutan?<br>• Hahayaan ang boluntaryong mag-aaral na mabigyan ng paliwanag ang kahulugan ng bawat uri ng virtue.<br>***Sitwasyon: (Mix)***<br>a. Hindi naninigarilyo si Adam sa kabila na ang mga barkada nito ay puro naninigarilyo. **(Pagtitimpi)**<br>b. Pinagsasabihan ni Vernie si Glaiza na matalik niyang | **Magbalik-aral**<br>1. Simulan ang pagtatanong kung ano o sino ang naiisip nila sa kung nababanggit ang salitang KATATAGAN.<br>2. Hikayatin ang mga bata na magbahagi ng mga karanasan tungkol sa kanilang mga kasagutan. |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | e. Tinutulungan ang magulang sa mga gawaing-bahay bago gumawa ng homework. (Oo) | kaibigan kapag nanlalait ito ng ibang tao. **(Katarungan)**<br>c. Pinag-iisipang mabuti ni Zia ang mga bagay na dapat ay masusing pagpapasiya bago niya ito isagawa. **(Maingat na Paghuhusga)**<br>d. Sa kabila ng mga pagsubok sa buhay na dumarating kay Ella, hindi siya basta sumusuko. **(Katatagan)**<br><br>**Match:**<br>KATARUNGAN<br>KATATAGAN<br>PAGTITIMPI<br>MAINGAT NA PAGHUHUSGA | |
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | 1. Ilahad ang mga inaasahan sa aralin ayon sa lebel ng mag-aaral. | Sa pamamagitan ng malakas na **Values Education clap** (Clap 1, Clap 2, Clap 1-2-3) tatayahin ang | Sa pamamagitan ng malakas na **Values Education clap** (Clap 1, Clap 2, Clap 1-2-3) tatayahin ang | 1. Sa pamamagitan ng malakas na **Values Education clap** (Clap 1, Clap 2, Clap 1-2-3) tatayahin ang kahandaan ng mga mag-aaral para makinig at makilahok |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Sabihing:<br>Sa linggong ito, ating pag-aaralan ang sumusunod:<br>a) Susuriin ang sariling pagpapahalaga.<br>b) Aalamin ang kaugnayan ng pagpapahalaga at virtue sa tamang pagpapasiya at pagkilos.<br>c) Matutukoy ang nararapat gawin upang makagawa ng tamang pasiya at kilos tungo sa pagsasabuhay ng iyong pagpapahalaga.<br>d) Masuri ang mga sitwasyong naaayon sa pagpapahalaga at virtue na susubok sa inyong batayan ng pagpapasiya at pagkilos gayundin ang pagiging mabuting kapuwa.<br>e) Maibahagi ang karanasan sa pagpapahalaga at virtue na ang naging | kahandaan ng mga mag-aaral para makinig at makilahok sa tatalakayin. (Maaring gumamit ang guro ng ibang uri ng clap bukod sa minungkahi.)<br>**HULA-LETRA:**<br>Punan ang guhit ng tamang letra upang mabuo ang salitang ibig pakahulugan.<br><br>**P_G_AP_H_L_G_-** tumutukoy sa mga prinsipyong gabay o pamantayan na nagpapakita kung ano ang itinuturing na mahalaga, tama, at kanais-nais ng isang tao o lipunan. Ito ang mga paniniwala na nagbibigay ng direksyon at kahulugan sa mga kilos at desisyon ng isang indibidwal.<br><br>**V_RT_E -** tumutukoy sa mga katangian o gawi na nagpapakita ng moral na kahusayan o kahalagahan. Ito ang | kahandaan ng mga mag-aaral para makinig at makilahok sa tatalakayin. (Maaring gumamit ang guro ng ibang uri ng clap bukod sa minungkahi.) | sa tatalakayin. (Maaring gumamit ang guro ng ibang uri ng clap bukod sa minungkahi.) |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | batayan ay ang sariling pagpapasiya, pagkilos at pakikipagkapuwa na susubok sa pagkatao. | mga ugali na nagpapakita ng tamang asal at pag-uugali na inaasahan ng lipunan o relihiyon. | | |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | 1. Gamit ang template na nasa worksheet, itatala ng mga mag-aaral ang kanilang mga pinahahalagahan, aspekto, gawaing tugma sa pinahahalagahan, natutuhan o natuklasan.<br>2. Inaasahang maibabahagi ng mga mag-aaral ang kanilang pagpapahalaga.<br>3. Maaaring talakayin ng guro ang Edukasyon sa Pagpapakatao 7- Q3- Modyul 2 “Ang Kaugnayan ng Pagpapahalaga at Virtue.” | | 1. Gagawin ng mga mag-aaral sa worksheet ang kaniyang karanasan na may paksang “Ang Aking Pagpapahalaga at Virtue” na ang nagging batayan ay ang sariling pagpapasiya, pagkilos at pakikipagkapuwa na nasusubok sa kanilang pagkatao.<br>2. Gamit ang Jigzaw Method, magbabahagi ang bawat mag-aaral sa kanilang grupo ng kanilang karanasan. Pipili ang kanilang grupo kung ano ang kanilang isasadula.<br>3. Inaasahang gagawa ang guro ng rubriks upang ipresenta sa mga mag- aaral at gagamiting batayan | **DEBATE 101 – 'May Tama Ka!'**Pagsasagawa ng isang debate o talakayang panggrupo kung saan tatalakayin ang iba't ibang aspeto ng katatagan at ang epekto ng mga pagpapahalaga at virtues sa pagdedesisyon sa mga mahihirap na sitwasyon.<br><br>Hahatiin ang mga kalahok sa mga grupo at bawat grupo ay magkakaroon ng iba't ibang pananaw sa tatalakayin. Ang mga ganitong aktibidad ay makakatulong sa mga mag-aaral na mag-isip nang kritikal at makilala ang kahalagahan ng pagpapahalaga at virtues sa pagharap sa mga hamon ng buhay.<br><br>**Mga Paksa para sa Debate o Group Discussion** |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | sa pagbibigay ng marka.<br>4. Isasadula ng mga mag- aaral ang kanilang napiling isadula at pagkatapos ay maaaring gawing gabay na mga tanong ng guro ang sumusunod:<br>• Paano naipakita nang wasto ang pagpapahalaga at virtue batay sa karanasan?<br>• Mahalaga bang gawing batayan ang pagpapasiya, pagkilos at mabuting pakikipagkapuwa? Bakit? | **1. Ang Papel ng Katatagan sa Pagharap sa mga Hamon ng Buhay**<br>• **Pahayag:** "Ang emosyonal na katatagan ay ang pinakamahalagang salik sa tagumpay sa buhay."<br>• **Mga Gabay na Tanong:** Paano nakakatulong ang katatagan sa pagharap sa mga pagsubok? Ano ang mga pagpapahalaga at virtues na kailangan upang mapanatili ang katatagan?<br><br>**2. Pagpapahalaga sa Integridad sa Panahon ng Pagsubok**<br>• **Pahayag:** "Ang pagkakaroon ng integridad ay mas mahalaga kaysa sa tagumpay na nakuha sa hindi tamang paraan."<br>• **Mga Gabay na Tanong:** Paano nakakaapekto ang integridad sa mga desisyon sa mahirap na sitwasyon? Anong mga virtues ang kailangan upang mapanatili ang integridad?<br><br>**3. Kahalagahan ng Pagkamaparaan** |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | **(Resourcefulness) sa Pagkamit ng Mga Pangarap**<br><br>• **Pahayag:** "Ang kakayahang maging maparaan ay mas mahalaga kaysa sa likas na talino sa pagkamit ng mga pangarap."<br>• **Mga Gabay na Tanong:** Paano nakakatulong ang pagkamaparaan sa pag-abot ng mga layunin? Anong mga pagpapahalaga ang kailangan upang maging maparaan?<br><br>**4. Pagkakaisa at Pagtutulungan sa Panahon ng Krisis**<br><br>• **Pahayag:** "Ang pagkakaisa at pagtutulungan ang susi sa pagtagumpay sa mga panahon ng krisis."<br>• **Mga Gabay na Tanong:** Paano nakakatulong ang pagkakaisa sa pagharap sa mga hamon? Anong mga virtues ang kailangan upang makamit ang tunay na pagtutulungan?<br><br>**5. Pagkakaroon ng Empatiya sa Pagpapasya sa Mahihirap na Sitwasyon** |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | • **Pahayag:** "Ang empatiya ay isang mahalagang aspeto sa paggawa ng mga desisyon sa mahihirap na sitwasyon."<br>• **Mga Gabay na Tanong:** Paano nakakatulong ang empatiya sa pag-unawa at pagtugon sa mga problema ng iba? Anong mga pagpapahalaga ang kailangang pairalin upang magkaroon ng empatiya?<br><br>**6. Pagpapanatili ng Pag-asa sa Kabila ng Mga Pagsubok**<br><br>• **Pahayag:** "Ang pag-asa ay nagbibigay lakas sa gitna ng mga pagsubok at paghihirap."<br>• **Mga Gabay na Tanong:** Paano nakakatulong ang pag-asa sa pagharap sa mga hamon? Anong mga virtues ang kailangan upang mapanatili ang pag-asa?<br><br>**7. Ang Papel ng Disiplina sa Pag-abot ng Tagumpay sa Kabila ng Mga Hadlang**<br><br>• **Pahayag:** "Ang disiplina ang susi sa pag-abot ng |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | tagumpay sa kabila ng mga hadlang."<br>• **Mga Gabay na Tanong:** Paano nakakatulong ang disiplina sa pagharap sa mga pagsubok? Anong mga pagpapahalaga ang kailangan upang mapanatili ang disiplina?<br><br>**Paraan ng Pagdaraos ng Debate o Group Discussion**<br><br>1. **Panimula:** Ipakilala ang paksang tatalakayin at magbigay ng kaunting pangunahing impormasyon tungkol dito.<br>2. **Pagbuo ng Grupo:** Hatiin ang klase sa dalawang grupo - isang grupo na sumasang-ayon at isang grupo na tumututol sa pahayag.<br>3. **Paghahanda:** Bigyan ng sapat na oras ang bawat grupo upang maghanda ng kanilang mga argumento.<br>4. **Pagpapalitan ng Ideya:** Payagan ang bawat grupo na ilahad ang kanilang mga argumento at magbigay ng pagkakataon para sa mga pagtatanong.<br>5. **Pagsusuri:** Pagkatapos ng |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | debate o discussion, magkaroon ng repleksyon at pagsusuri tungkol sa mga natutunan mula sa diskusyon.<br>6. **Paghinuha:** Magbigay ng buod at mga mahalagang puntos na nakuha mula sa debate o discussion. |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | |
| *Pagbasa/Pag-unawa sa mga Susing Ideya* | 1. Ipababasa ang kuwentong may pamagat na "Ang Pinahahalagahan nina Dina at RJ" na makikita sa kanilang worksheet.<br>2. Talakayin ang binasang kuwento.<br>3. Maaaring maging gabay ng guro ang sumusunod na katanungan:<br>• Anong pinahahalagahan nina Dina at RJ?<br>• Paano nakamit nina Dina at RJ ang kanilang pinahahalagahan?<br><br>(Inaasahang mailalahad ng mga mag-aaral ang | | | |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | moral virtue na naging gabay sa pagkamit ng pagpapahalaga)<br>• Sa inyong palagay, kaya ba ninyong gawin ang ginawa nina Dina at Rj na makamit ang kanilang pinahahalagahan? | | | |
| *Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | 1. Susuriin ng mga mag-aaral ang mga sitwasyong batay sa pagpapahalagang sinasabuhay ng tao na nasa worksheet.<br>2. Bibigyan ito ng reaksiyon ng mga mag-aaral.<br>3. Maaaring maging gabay ng guro ang mga tanong na nasa ibaba para sa talakayan.<br>• Ano-anong mga pagpapahalaga ang naipakita sa bawat situwasyon?<br>• Sino sa mga tauhan sa nasabing mga situwasyon ang nakagawa ng pasiya at | 1. Susuriin ang situwasiyong nasa worksheet at bibigyan ng paliwanag ang kasagutan batay sa pagsagot ng Oo o Hindi.<br>2. Maaaring maging gabay ng guro ang mga katanungan sa ibaba para sa talakayan:<br>• Madali bang sagutin ang bawat situwasyon? Bakit?<br>• Batay sa inyong sagot, ano ang naging batayan ninyo upang masabing tama o mali ang ginawa ng karakter o tauhan sa bawat situwasyon? | | |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | naisakilos ang pagpapahalaga? Ipaliwanag.<br>• Paano mo maisasabuhay ang tamang pagpapahalaga para maitama ang mga nakasanayan mong maling gawi bilang isang kabataan?<br>• Sa inyong palagay, ano ang dapat gawin ng isang kabataang tulad mo upang makagawa ng tamang pasiya at kilos tungo sa pagsasabuhay ng iyong pagpapahalaga? | • Kung kayo ang nasa situwasyon, aling pasiya diyan ang hindi ninyo gagawin? Bakit? | | |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/ Susing Ideya* | **Mga Paraan ng Paggamit ng Pagpapahalaga at Virtue bilang Batayan I. Sariling Pagpapasiya Pagpapahalaga:**<br>1. Katapatan sa Sarili: Pagkilala sa tunay na nararamdaman at pag- iisip bago gumawa ng desisyon. | **Ang Pagpapahalaga at Virtue Bilang Batayan ng Sariling Pagpapasiya, Pagkilos, at Pakikipagkapwa ay Gabay Tungo sa Katotohanan at Kabutihan**<br><br>- Ang pagpapahalaga at virtue ay | **Wastong Paglalapat ng Pagpapahalaga at Virtue sa Pagpapasiya, Pagkilos, at Pakikipagkapuwa**<br>Bilang isang mag-aaral, mahalagang gamitin ang mga pagpapahalaga (values) at virtue (mga birtud) bilang gabay sa pang-araw-araw na | **Iba't Ibang Aspeto ng Katatagan**<br>1. **Pisikal na Katatagan:**<br>Kakayahan ng katawan na makayanan ang pisikal na stress at pagkapagod.<br>1. Halimbawa: Pagbangon mula sa sakit o pinsala. **Emosyonal na Katatagan:**<br>• Kakayahan na kontrolin at pamahalaan ang emosyon sa gitna ng stress o |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | Halimbawa, sa pagpili ng karera, mahalagang isaalang-alang ang sariling interes at kakayahan.<br>2. Pagmamahal sa Sarili: Pagtimbang ng mga desisyon na magdudulot ng ikabubuti at kalusugan, tulad ng pagpili ng masustansyang pagkain o paglaan ng oras sa pahinga.<br>**Virtue:**<br>1. **Katapangan:** Pagtanggap ng mga hamon at pagsubok nang may tapang. Halimbawa, pagsubok ng bagong bagay o pagharap sa takot.<br>2. **Pagpapakumbaba:** Pagtanggap na hindi laging tama at bukas sa mga payo at kritisismo. Halimbawa, sa pagdedesisyon sa isang proyekto, pakikinig sa opinyon ng iba. | nagsisilbing mahalagang batayan sa iba't ibang aspeto ng buhay ng isang tao, lalo na sa paggawa ng desisyon, pagkilos, at pakikipagkapwa. Sa pamamagitan ng mga ito, natitiyak na ang bawat pagtugon ay patungo sa katotohanan at kabutihan, lalo na sa mga sitwasyong sinusubok ang pagkatao.<br>**I. Sariling Pagpapasiya Pagpapahalaga at Virtue Bilang Gabay:**<br>1. **Katotohanan sa Sarili:** Ang pagsasagawa ng self-reflection at pagkilala sa sariling mga pagpapahalaga ay nagiging gabay sa paggawa ng tamang desisyon. Sa ganitong paraan, ang mga hakbang na pipiliin ay tunay na nagpapakita ng pagkatao at | buhay upang masiguro na ang mga desisyon, pagkilos, at pakikipagkapuwa ay naaayon sa katotohanan at kabutihan. Narito ang mga paraan kung paano ito mailalapat batay sa karanasan:<br>1. **Sariling Pagpapasiya** (Decision Making)<br>Karanasan: Pagpapasya kung sasali sa isang extracurricular activity kahit na may mga takdang-aralin at exams na paparating.<br>• **Pagpapahalaga:** Edukasyon (education), Balanse (balance), Pag-unlad (growth)<br>• **Virtue:** Prudence (Pagkamatalino), Temperance (Pagtitimpi), Responsibility (Paninindigan)<br>**Pagpapasya:**<br>• **Prudence:** Timbangin ang mga benepisyo ng pagsali sa extracurricular | trauma.<br>• Halimbawa: Pagharap sa pagkamatay ng mahal sa buhay o pagkalugi sa negosyo.<br>2. **Mental na Katatagan:**<br>• Kakayahan na manatiling pokus at kalmado sa gitna ng mga problema.<br>• Halimbawa: Paglutas ng komplikadong problema sa trabaho o paaralan.<br>3. **Sosyal na Katatagan:**<br>• Kakayahan na mapanatili ang positibong ugnayan sa iba kahit sa gitna ng pagsubok.<br>• Halimbawa: Pagtanggap ng suporta mula sa pamilya at kaibigan sa panahon ng krisis.<br>4. **Ispiritwal na Katatagan:**<br>• Kakayahan na maghanap ng kahulugan at layunin sa buhay kahit sa gitna ng kahirapan.<br>• Halimbawa: Pag-unawa sa iba't ibang pananaw sa kahulugan ng mga pagsubok sa buhay, kabilang ang pagtingin sa mga ito bilang bahagi ng mas malalim na kahulugan ng buhay o |



DepED MATATAG · BAGONG PILIPINAS · DEPARTMENT OF EDUCATION NCR
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | **II. Pagkilos Pagpapahalaga:**<br>1. **Integridad:** Pagkilos na naaayon sa iyong paniniwala at prinsipyo kahit walang nakakakita. Halimbawa, pagsunod sa patakaran kahit walang nakakakita.<br>2. **Pagmamalasakit:** Pagpapakita ng malasakit sa iba sa iyong mga aksyon. Halimbawa, pagtulong sa nangangailangan kahit na ikaw ay abala.<br>**Virtue:**<br>1. **Pagtitimpi:** Pagkontrol sa sarili upang maiwasan ang padalos-dalos na pagkilos. Halimbawa, hindi pagsagot nang galit kapag kasalukuyang mainit ang ulo.<br>2. **Kasipagan:** Pagtutok at | prinsipyo ng isang tao.<br>2. **Moral na Integridad:** Ang pagpapahalaga sa katapatan, katapangan, at pagkamakatarungan ay humuhubog sa kakayahang gumawa ng mga desisyon na hindi lamang makabubuti sa sarili kundi pati na rin sa iba.<br>**II. Pagkilos Pagpapahalaga at Virtue Bilang Gabay:**<br>1. **Epekto sa Iba:** Ang pagkilos na nakaangkla sa malasakit at respeto ay nagsisiguro na ang bawat aksyon ay may positibong epekto sa komunidad. Halimbawa, ang integridad sa trabaho ay nagpapakita ng kahusayan at malasakit sa | activity laban sa oras na kinakailangan para sa pag-aaral. Pag-aralan kung paano mahahati ang oras ng tama.<br>• **Temperance:** Magtakda ng limitasyon sa oras na gugugulin sa extracurricular activities upang hindi mapabayaan ang akademikong responsibilidad.<br>• **Responsibility:** Magkaroon ng disiplina sa pagsunod sa iskedyul at tiyaking natutupad ang mga akademikong gawain.<br>**2. Pagkilos (Actions)**<br>**Karanasan:** Nahuli mo ang kaklase mong nandaraya sa pagsusulit.<br>• **Pagpapahalaga:** Honesty (Katapatan), Integrity (Integridad)<br>• **Virtue:** Justice (Katarungan), | pananampalataya<br>**Epekto ng Pagpapahalaga at Virtue sa Mga Desisyon sa Mahirap na Sitwasyon**<br>**1. Pagpapahalaga (Values):**<br>• **Katapatan:** Ang pagpapahalaga sa katapatan ay maaaring magbigay ng lakas ng loob upang harapin ang katotohanan sa gitna ng krisis, kahit gaano pa ito kasakit.<br>• **Pagmamahal sa Pamilya:** Ang malalim na pagpapahalaga sa pamilya ay mag-uudyok na gumawa ng mga desisyon na protektahan at pangalagaan ang kapakanan ng mga mahal sa buhay.<br>• **Integridad:** Ang mataas na pagpapahalaga sa integridad ay tutulong upang gumawa ng tamang desisyon kahit mahirap, na nagpapakita ng paggalang sa sarili at sa iba.<br>**2. Virtue:**<br>• **Katapangan:** Ang virtue ng katapangan ay magbibigay ng lakas upang harapin ang mga pagsubok nang |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | pagbibigay ng tamang oras at pagsusumikap sa trabaho o gawain. Halimbawa, pagtatapos ng isang proyekto kahit mahirap.<br>**III. Pakikipagkapuwa Pagpapahalaga:**<br>1. **Respeto:** Paggalang sa karapatan, opinyon, at damdamin ng iba. Halimbawa, pakikinig nang mabuti sa sinasabi ng iba bago magbigay ng reaksyon.<br>2. **Pakikipagkapwa-tao:** Pagpapakita ng malasakit at pagtulong sa kapwa nang walang inaasahang kapalit. Halimbawa, pakikibahagi sa mga gawaing boluntaryo.<br>**Virtue:**<br>1. **Pagkamapagbigay:** Pagbibigay ng tulong | kapakanan ng mga kasamahan.<br>2. **Pagkakaroon ng Tamang Layunin:** Ang virtues tulad ng kasipagan at pagtitimpi ay nagdudulot ng mas makabuluhang resulta, dahil ang mga pagkilos ay bunga ng masusing pag-iisip at pagsusumikap, hindi padalos-dalos o pansariling interes lamang.<br>**III. Pakikipagkapuwa Pagpapahalaga at Virtue Bilang Gabay:**<br>1. **Pagbubuo ng Magandang Relasyon:** Ang virtues ng pagkamapagbigay, kabaitan, at respeto ay nagtataguyod ng mas matibay at positibong relasyon sa iba. Sa pamamagitan ng pagkakaroon ng pagkaunawa (empathy)at | Courage (Katapangan)<br>**Pagkilos:**<br>• **Justice:** Ipahayag ang iyong nakita sa guro upang masiguro na ang mga pagsusulit ay patas para sa lahat.<br>• **Courage:** Magkaroon ng tapang na harapin ang iyong kaklase at sabihing mali ang kanyang ginawa, kahit na ito ay maaaring magdulot ng hindi pagkakaintindihan.<br>**3. Pakikipagkapuwa (Interpersonal Relations)**<br>**Karanasan:** May bagong estudyanteng nahihirapan makipagkaibigan sa inyong klase.<br>• **Pagpapahalaga:** Kindness (Kabaitan), Inclusion (Pagsasama)<br>• **Virtue:** Charity (Pagkakawanggawa) Empathy (Empatiya)<br>**Pakikipagkapuwa:** | walang takot, na nagpapakita ng determinasyon at lakas ng loob.<br>• **Pagmamalasakit:** Ang virtue ng pagmamalasakit ay tutulong sa paggawa ng desisyon na nagpapakita ng malasakit at pagtulong sa kapwa sa panahon ng pangangailangan.<br>• **Pagtitimpi:** Ang virtue ng pagtitimpi ay tutulong na kontrolin ang emosyon at impulse sa gitna ng stress, na nagpapahintulot sa mahinahong pag-iisip at tamang desisyon.<br>**Paano Nakakaapekto ang Pagpapahalaga at Virtue sa Mga Desisyon**<br>**1. Pagharap sa Krisis:**<br>• Ang mga taong may malalim na pagpapahalaga at virtues ay mas madalas na nakakagawa ng tamang desisyon sa panahon ng krisis dahil sila ay gabay ng kanilang moral na paniniwala.<br>**2. Pagsasakripisyo para sa Iba:**<br>• Ang mga pagpapahalaga tulad ng pagmamahal sa |



Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | at suporta sa iba nang bukal sa loob. Halimbawa, pagbibigay ng oras at talento sa mga nangangailangan<br>2. **Pagkamabuting-loob:** Pagpapakita ng kabaitan at malasakit sa lahat, hindi lamang sa mga kakilala o kaibigan. Halimbawa, pagbati at pagngiti sa mga nakakasalubong. | pakikipagkapwa-tao, nabubuo ang komunidad na puno ng pag-unawa at suporta.<br>2. **Pagkilos para sa Kabutihan:** Ang pagsasabuhay ng mga pagpapahalaga sa pakikipagkapwa ay humuhubog sa isang kultura ng kabutihan at katotohanan. Sa ganitong paraan, ang mga aksyon ay nagiging inspirasyon at gabay para sa iba upang tularan ang mabuting asal. | • **Charity:** Anyayahan ang bagong estudyante na sumali sa inyong grupo at ipakilala siya sa iba pang mga kaklase upang madama niya na siya ay tinatanggap.<br>• **Empathy:** Unawain ang nararamdaman ng bagong estudyante at suportahan siya sa kanyang pakikiangkop sa bagong kapaligiran. | pamilya at pagmamalasakit ay nag-uudyok sa tao na gumawa ng desisyon na inuuna ang kapakanan ng iba kahit mahirap.<br>**3. Pagpapanatili ng Integridad:**<br>• Sa harap ng tukso o pang-aakit na gumawa ng mali, ang mataas na pagpapahalaga sa integridad at katapatan ay nagbibigay ng lakas upang manatili sa tamang landas.<br>**4. Paghahanap ng Solusyon:**<br>• Ang virtues tulad ng katapangan at pagtitimpi ay nagbibigay ng kakayahan na manatiling kalmado at maghanap ng praktikal na solusyon sa gitna ng kahirapan. |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
| *Paglalapat at Paglalahat* | Ang paggamit ng pagpapahalaga at virtues bilang batayan ng sariling pagpapasiya, pagkilos, at pakikipagkapwa ay nagpapakita ng moral na integridad at kahusayan ng isang | 1. Mula sa worksheet sasagutin ng mga mag- aaral kung ***mayroon o wala*** ang bawat pahayag na nagpapakita ng pagsasabuhay ng pagpapahalaga at virtue. | Bilang isang mag-aaral, ang paglalapat ng mga pagpapahalaga at virtues sa mga desisyon, pagkilos, at pakikipagkapuwa ay makakatulong upang maging responsable, makatao, at matapat. Sa | 1. Mula sa worksheet, pupunan ng mga mag- aaral ang kanilang aksiyon o tugon batay sa hinihinging pahayag.<br>2. Ibabahagi ng mga mag- aaral ang kanilang naging tugon o aksiyon.<br>3. Inaasahang mailalapat ng mga mag-aaral ang kanilang |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | indibidwal. Ang mga ito ay nagbibigay ng gabay upang makagawa ng mga tamang desisyon, magpakita ng tamang pagkilos, at magkaroon ng magandang pakikitungo sa kapwa. Sa pamamagitan ng mga pagpapahalaga at virtues, ang isang tao ay nagiging mas mabuting indibidwal na handang harapin ang mga hamon at makipag-ugnayan sa iba nang may paggalang at malasakit. | 2. Gamit ang estratehiyang ***Think-Pair-Share***, ibabahagi ng mga mag-aaral ang kasagutan mula sa kaniyang kapareha.<br>3. Maaaring tumawag ang guro ng mga mag- aaral na magboboluntaryo para ibahagi ang naging sagot ng kapareha.<br>4. Maaaring itanong ng guro ang: “Naipakita ba sa pamamagitan ng pagsagot sa gawain ang pagpapahalaga at virtue?” Paano?<br><br>**PAGLALAHAT:**<br>Ang pagpapahalaga at virtues ay hindi lamang mga konsepto kundi mga praktikal na gabay na maaaring gamitin sa pang-araw-araw na buhay. Sa pamamagitan ng pagsasabuhay ng mga ito, natitiyak na ang bawat desisyon, | ganitong paraan, magkakaroon ka ng positibong impluwensya sa iyong paaralan at komunidad, at mas magiging handa ka sa mga hamon ng buhay. | pagpapahalaga at virtue batay sa aksiyon o tugon nila sa bawat pahayag.<br><br>**PAGLALAHAT:**<br>Ang katatagan ay isang mahalagang aspeto ng pagkatao na nagbibigay ng lakas upang makayanan ang mga pagsubok sa buhay. Ang mga pagpapahalaga at virtues ay nagsisilbing gabay sa paggawa ng tamang desisyon sa mga mahihirap na sitwasyon, na nagpapakita ng moral na kahusayan at kakayahan ng tao na harapin at pagtagumpayan ang mga hamon ng buhay. |



DepED MATATAG
BAGONG PILIPINAS
Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | pagkilos, at pakikitungo sa kapwa ay naayon sa landas ng katotohanan at kabutihan. Ang ganitong paraan ng pamumuhay ay hindi lamang nagpapabuti sa sarili kundi pati na rin sa komunidad at lipunan sa kabuuan. | | |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | | | | Maaaring ipasagot sa mga mag-aaral ang nasa Edukasyon sa Pagpapakatao 7- Modyul 9 "Ang Kaugnayan ng Pagpapahalaga at Virtue" pahina 2-3 at dagdagan ng 2 katanungan upang maging 10 aytem. |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | | | | |
| *Mga Tala* | | | | |
| *Repleksiyon* | | | | |


Misamis St., Bago Bantay, Quezon City
(02) 85229412
ncr@deped.gov.ph
https://www.depedncr.com.ph